



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0002
Title	<u>PhilHealth Coverage for Hemodialysis Sessions to a Maximum of 144 Sessions for CY 2020</u>

Tanong	Sagot
Ano ang basehan ng PhilHealth upang gawing 144 ang coverage ng hemodialysis?	<p>Ito ay bilang pagtalima sa Bayanihan to Recover as One Act na naglalayong makapagbigay ng sapat na serbisyo at kaukulang suportang pampinansiyal para sa kalusugan ng lahat na pinagtibay din ng Proclamation No. 1021, s. 2020 “Extending the period of the State of Calamity throughout the Philippines due to Corona Virus Disease 2019 declared under Proclamation No. 929, s. 2020.” Ito ay pinagtibay din ng PhilHealth Board Resolution no. 1848 s.2013 na naglalayong magbigay ng espesyal na pribelehiyo tulad ng exemption ng 45-day limit at single period of confinement.</p> <p>Dahil sa ang Proclamation no. 1021, s.2020 ay nagsasaad na ang buong bansa ay nasa ilalim ng state of calamity, ang PhilHealth, sa pamamagitan ng PhilHealth Board Resolution No. 2574 s. 2020, ay nagtakda ng maximum limit ng hemodialysis hanggang 144 sessions para sa taong 2020.</p>
Ano ang layunin ng polisiya/benepisyoy?	Layon ng Circular na ito na ilahad ang mga panuntunan ukol sa benepisyong outpatient hemodialysis na nagtatakda ng maximum limit ng hemodialysis hanggang 144 sessions para sa taong 2020.
Ano ang sakop ng polisiya/benepisyoy?	Sakop ng polisiyang ito ang lahat ng miyembro ng PhilHealth at ang kanilang mga kwalipikadong dependents na may chronic kidney disease stage 5 (CKD5) na kasalukuyang naka-enrol sa PhilHealth Dialysis Database (PDD). Nakasaad sa polisiyang ito ang pagbayad ng higit sa 90 hanggang 144 hemodialysis sessions hanggang sa ika-31 Disyembre 2020.
Kapag naospital ang isang pasyente na may CKD5 at kinailangan ng dialysis, maaari bang gamitin ang benepisyong ito?	Hindi. Sapagkat ang polisiyang ito ay eksklusibong itinakda para sa outpatient hemodialysis session lamang.





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0002
Title	<u>PhilHealth Coverage for Hemodialysis Sessions to a Maximum of 144 Sessions for CY 2020</u>

Kapag hindi nagamit ng pasyenteng may CKD5 ang 91st – 144th hemodialysis session, maaari ba itong magamit/idagdag sa taong 2021?	Hindi. Sapagkat ang sakop ng polisiyang ito ay hanggang Disyembre 31, 2020 lamang.
Maaari bang mag direct file sa PhilHealth ang isang miyembro/pasyente kapag binayaran nito ang kanyang 91st – 144th hemodialysis sessions?	Oo. Maaari siyang magdirect file. Magtungo lamang sa pinakamalapit na PhilHealth Regional/Branch Office o Local Health Insurance Office (LHIO) at sundin ang umiiral na panuntunan batay sa PhilHealth Circular No. 20 s. 2014 (ACR Policy No. 4 - Directly Filed Claims for All Case Rates and Return to Sender).

